

KNOWING SCRIPTURE 2. PRIVATE INTERPRETATION

ARALIN

- I. “Yan ang iyong interpretation.”
 - a. Ito ang maaaring maging slogan ng subjectivism.
 - b. Mayroong ibang mga taong naniniwala na may pagkakasalungat sa Biblia.
 - c. Si Luther at ang Roma ay natakot na ang interpretation ng Biblia ay mabaluktot kapag binigyan ang lahat ng pagkakataon na makapag-basa nito.
- II. Ano ang mga issues sa Principle of Private Interpretation?
 - a. Sinubukan ng Romano Katoliko na pigilan ito.
 - b. Naramdaman ng Roma na ang pribadong interpretation ay magbubukas ng pintuan ng kasamaan at magdulot ng pagkakawatak watak ng simbahan.
 - c. Ang pagkakabaha-bahagi ang kabayaran upang ang Mabuting Balita ay makamit ng lahat ng bansa.
- III. Mayroon lamang isang tamang kahulugan ang bawat biblical na teksto.
 - a. Ganunpaman, maraming aplikasyon.
 - b. Ang katotohanan ay hindi nagkakasalungat.
 - c. Ang relativism ay nagtuturo ng posisyon na ang katotohanan ay nagkakasalungat.
 - d. Ginamit ni Satanas ang “prinsipyo ng pagsasalungat” sa Hardin ng Eden.
 - e. Ang karapatan ng Private Interpretation ay may kaakibat na Responsibility for Correct Interpretation.
 - f. Ang ating interpretasyon ay dapat din ibinabase at inihahambing sa mga kabuuang koleksyon ng kaalaman ng ibang mga nauna sa atin at nag-aral ng bibliya.
- IV. Mahalaga na malaman ang pagkakaiba ng EXEGESIS at EISEGESIS.
 - a. Ang Exegesis ay paghugot mula sa teksto kung ano ang nilalaman nito.
 - b. Ang Eisegesis ay ang pagbabasa sa teksto ng mga bagay na wala naman roon.

SURIIN ANG SARILI

Kung nais mong masiguro na naiintindihan mo ang ideya ng araling ito, subukin ang sarili sa pamamagitan ng pasagot sa pagsusulit:

1. Ang Simbahang Romano Katoliko ay natakot na ang _____ ay magbubukas ng pintuan ng kasamaan at pagkabaha-bahagi ng Simbahan.
2. Sa _____ mababasa natin ang kahulugan mula sa teksto.
3. Sa _____ mababasa natin ang kahulugan patungo sa teksto.
4. Ang karapatan ng Private Interpretation ay may dala-dalang responsibilidad ng _____.
5. Ang biblical na teksto ay mayroong _____ kahulugan ngunit _____ aplikasyon.
6. _____ ay naroon kapag ang interpretasyon ng teksto ay kontrolado ng buo ng tao na nagbibigay kahulugan.



NGAYONG IKAW AY NAKINIG

1. Ano sa palagay mo ang pinaka-importanteng isyu ang natalakay sa araling ito?
2. Paano ka tutugon sa pakikibaka sa pagitan ng Protestante at Katoliko sa panahon ng Reformation?
3. Ano ang kinakatakutang doktrina ng Roma sa pribadong interpretasyon?
4. Ang pinaka-mahalagang isyu na naitaas sa araling ito ay _____ sa mga sumusunod na mga dahilan:
 - a.
 - b.
 - c.
5. “Ang pribadong interpretasyon ay nagbukas sa Biblia sa mga laymen, ngunit hindi ito nangyayari sa prinsipyo ng mga edukadong ministro.” Anong halaga/prioridad ang iyong (at iyong mga taga-panguna sa iglesia) inilalagay sa pang-habambuhay na edukasyong pang-Kristiyano? Ano-anong mga provisions ang ibinibigay mo (o ng kongregasyon) upang mapatatag ang lugar ng edukasyong pang-Kristiyano sa mga matatanda?
6. Ano-anong uri ng mga panukat ang kailangang gawin ng iyong iglesia upang mabantayan laban sa eisegesis at gawin ang tamang exegesis?
 - a.
 - b.
 - c.
7. Ano ang iyong nalalaman tungkol sa paglaganap ng mga kulto o grupo ng mga sekta na nagpapatunay ng pangangailangang magbantay laban sa eisegesis?
8. Ano-ano pang mga isyu at tanong na ibinibigay ng araling ito sayo?

PAGSASABUHAY

Ngayong ikaw ay nakinig sa araling ito oras na upang pag-aralan ang mga ideyang ito ng lubusan. Gamit ang iyong Biblia, gawin ang sumusunod na ehersisyo.

Kumuha ng pamilyar na teksto ng Biblia katulad ng Juan 3:16 o 1 Juan 4:10 at pagbulay-bulayan ito. Alamin kung ano ang “ibig-sabihin” at mag isip ng labin-limang “aplikasyon”. Nakuha mo ba ang tamang kahulugan ng teksto? Paano mo nalaman?

Kahulugan:



Aplikasyon:

PAG-ISIPANG MABUTI

1a. Basahin ang Mateo 13:1-9. Isulat ang isang kahulugan na sa paniwala mo'y totoong pagkakaintindi sa teksto. Magsulat ng labinlimang aplikasyon at implikasyon ng tekstong ito sa iyong buhay at iglesia.

1b. Ngayon basahin ang Mateo 13:10-23. Ikumpara ang iyong isang kahulugan na nadiskubre sa itaas mula sa sentrong kahulugan na ibinigay ni Jesus mismo. Ano-ano ang mga pagkakaiba; gaano kahalaga ang pagkakaiba-iba ng dalawa? Kung mayroong mga kaibahan, ano ang kahihinatnan nito sa iyong implikasyon/aplikasyon?

2. Basahin ang Juan 10:22-30. Isulat ang nagi-isang kahulugan na pinaniniwalaan mong totoong pagkakaintindi sa teksto. Isulat ang labinlimang aplikasyon at implikasyon ng teksto sa iyong buhay at iglesia.

Paano naka-apekto sayong pagbabasa at pag-aaral ang isyu ng Private Interpretation? Nagkaroon ba ng pangunahing puwang ang Biblia sa iyong adhikain? Mayroon ka bang adhikain ng pag-aaral? Lugar ng pag-aaral? Oras ng pag-aaral? Mayroon ka bang pangunahing aklatan para sa pag-aaral ng Biblia? Kung ang sagot mo ay HINDI sa alin man sa limang tanong at nais mong sagutin ito ng OO, makipag-uganayan sa tagapanguna ng iyong grupo o Pastor upang simulan na maglagay ng programa para sa iyo.

SAGOT SA "SURIIN ANG SARILI"

1. Private interpretation
2. Exegesis
3. Eisegesis
4. Tama o correct interpretation
5. Tanging nag-iisa, marami
6. subjectivism

